Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-21 NG HUNYO, 1993 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamahala ng pulong |
| Kgg. Dolores S. Bago | - | Kagawad |
| Kgg. Rey T. Amparo | - | -do- |
| Kgg. Eduardo A. Buruanga | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Oscar C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Ronald S. Rondael | - | SK Fed. President |

HINDI NAKADALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - | Kagawad |
| Kgg. Severino P. Bantugan | - | -do- Leave |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - | ABC President |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

" KAPASYAHAN BIG. 93-06-052

HUMIHILING SA MGA MAY ARI NG BUS NAMAGKAROON NG BIYAHE TUWING IKALAWA NG UMAGA MULA BULALACAO PATUNGONG CALAPAN

"SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng isang mabilis, moderno at epektibong transportasyon ay isa sa mga simbolo ng pagsulong ng kabuhayan at kabihasnan;

"SAPAGKAT, sa lumalaking populasyon at bumubilis na galaw ng kalakalan sa Bayang ito, kinakailangang makaagapay ang transportasyon upang mapabilis pang higit ang hinahangad nating pag-unlad;

"SAPAGKAT, hangarin ng Pamahalaang Lokal namatugunan ag mga hinaing ng mga nahihirapang mga pasaherong dumaraing ng gaya ng mga sumusunod:

(i) Ang mga pasaherong sumasakay sa unang biyahe (first trip) ay kadalasang inirereklamo ang sobrang siksikan ng mga pasahero;

(ii) Lubhang maaga kung dumating sa Calapan ang unang biyahe at ang maraming walang mga kamag-anak o mga kakilala ay kadalasang nagtitigil na lamang sa pantalan;

(iii) Sila sa maraming pagkakataon kasama ng mga kargamentong katulad ng isda, uling, bawang, mgahayop na buhay at iba pa ay nagsisiksikan sa sasakyan sa kagustuhang makarating ng maaga;

DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay NAGPASYA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA, hilingin sa mga may-ari ng pampasaherong Bus na magkaroon ng biyahe tuwing ikalawa ng umaga ang kanilang mga minamay-aring sasakyan.



Scanned with CamScanner

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang mga sipi ng Resolusyong ito sa mga may-ari ng Bus na bumibiyahe sa Bayang ito para sa kanilang kaalaman at pagpapasya.

SAMUNGKAHI ni Kagawad Dolores S. Bago at pinangalawahan ng lahat ng mga Kagawad na dumalo ang Resolusyong ito ay . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT:"

PINATUTUHANAN KO ang kawastuhan ng Kapasyahang ito.

SIKTO O. BARRIENTOS
Secretary to the Sanggunian

KGG. DOLORES S. BAGO
Kagawad

KGG. REY T. AMPARO
Kagawad

KGG. EDUARDO A. BURUANGA
Kagawad

KGG. SENEN C. FAMILARA
Kagawad

KGG. ROSALINDA M. CABAGAY
Kagawad

KGG. OSCAR C. FAMILARA
Kagawad

KGG. RONALD S. RONDAEL
SK Fed. President

ATTESTED:

KGG. LUDOVICO C. SIJANG
Pangalawang Punong Bayan
Tagapamahala ng pulong

APPROVED:

GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Date: July 12th 1993



Scanned with CamScanner